# Balita ng Paglilitis para sa Pagpapatunay ng Nasyonalidad bilang Hapon

Citizen's Network for Japanese-Filipino Children
No2, Abril1, 2006

## 【Nanalo kami sa paglilitis!!】

Noong ika-12 ng Abril, 2005 ay nag-apila sa Pandistritong Hukuman sa Tokyo ang siyam na JFC bilang mga nagdedemanda upang hilingin ang pagbabago sa pagpapatunay ng nasyonalidad ng mga bata bilang Hapon. Siyam na JFC ay isinilang sa pagitan ng inang Filipina at amang Hapon na di-kasal ang kanilang mga magulang at kinikilala sila ng amang Hapon pagkasilang ng bata.

Noong ika-29 ng Marso, 2006, ala una ng hapon sa ika-712 na silid Hukuman sa Tokyo, binigyan ng desisyon na "hinihiling ang kasal ng mga magulang bukod sa *'Ninchi'* ng amang Hapon at ito ay labag sa Artikulong 14-1 ng Konstitusyon " at tinatanggap ang pagkuha ng nasyonalidad bilang Hapon para sa siyam na nagdedemanda! Ang nilalaman ng desisyon ay maaaring sabihin na tinatanggap ang lahat ng hilingan ng nagdedemanda. Masasabi lamang na walang kulang.

### 【Ano ang paglilitis na pagpapatunay ng nasyonalidad bilang Hapon?】

Kasalukuyan, dumadami ang mga mag-asawang Hapones at Filipina at tuloy padami rin ang mga batang JFC (Japanese-Filipino Children). Maraming kaso rin di-kasal ang kanilang mga magulang. Kahit Hapon ang kanilang ama, maraming JFC ang hindi binibigyan ng nasyonalidad bilang Hapon.

Sa batas ngayon, binibigyan ng nasyonalidad bilang Hapon ang mga batang isinilang sa pagitang ng dayuhan at Hapon ay sumusunod;

1)Ang batang isinilang sa pagitan ng kasal na mga magulang Hapon at dayuhan
2)Ang batang isinilang sa pagitan ng inang Hapon at amang dayuhan kahit kasal o di-kasal.
3)Ang batang isinilang sa pagitan ng di-kasal na mga magulang dayuhang ina at amang Hapon at kinilala ito ng amang Hapon bago isilang.
4) Ang batang isinilang sa pagitan ng di-kasal na mga magulang dayuhang ina at amang Hapon at kinilala ito ng amang Hapon pagkasilang ng bata at ikinasal ang mga magulang.

Sa ngayon ay hindi na mapigilan ang pagdami ng bilang ng international marriage dahil sa globalisasyon at nagiiba na rin ang pagtingin at relasyon bilang pamilya. Kasabay nito ang pagdami ng mga bi-cultural na mag-asawang hindi kasal na nagkakaroon ng anak. Ang mga kaganapan sa ilalim ng globalisasyon at ang hindi pag-angkop para sa nararapat na batas at patakaran ng bansang Hapon ay nagdudulot ng malaking problema. Sa partikular, ang pagtrato bilang magkaiba ang mga bata kung kasal o hindi ang mga magulang at sa pag-Ninchi. Ang wala sa realidad at laos na patakaran ay bumibiktima sa mga bata. Lalo na't hindi maaaring baguhin ng mga bata ang kaisipan ng magulang 'kung magpakasal o hindi" ang magkahiwalay na magulang para makuha ang minimithing Japanese citizenship. Ang paglilitis ng pagpapatunay ng nasyonalidad bilang Hapon ay isang paglilitis na hinihiling na "kahit kasal o di-kasal ang mga magulang, mabigyan nang pantay ang mga batang kinilala ng amang Hapon".

Ang buod ng desisyon noong ika-29 ng Marso ay sumusunod;

**【Petsa at Oras ng pagbibigay ng desisyon at numero ng silid hukman】**

Ika-29 ng Marso, 2006 (Miyerkoles), ala una sampu ng hapon, silid bilang 712

**【Numero ng kaso, pangalan ng kinaukulang tao at pangalan ng kaso】**

Taong 2006 (Administrative litigation-U) numero-157, Kahilingan sa pagpapatunay ng naysonalidad bilang Hapon

Mga nagdidemanda: 9 na tao  Ang idinidemanda: Pamahalaan ng Japan

**【Hukom】** Namumunong Hukom: Hiroyuki KANNO, Masanori SUZUKI, Naoyuki IWAI, Seksyon 38 ng Kasong Sibil ng Pandistritong Hukman ng Tokyo

**【Pangunahing diwa ng hatol】** Pagtanggap ng kahilingan (nagpapatunay ng nasyonalidad bilang Hapon ang mga nagdedemanda)

**【Buod ng kaso】**

Ang nagdemanda ay mga bata na isinilang mula sa inang Filipino at amang Japanese na lumaki sa Japan. Ang mga ito ay nagsumite ng aplikasyon sa lokal na pamahalaan para hilingin na mapalitan ang kanilang nasyonalidad na maging Japanese sa batayan na sila ay binigyan ng '*Ninchi* (pagkilala ng ama o recognition)' mula sa amang Japanese pagkatapos isilang. Hindi tinanggap ng kinauukulang awtoridad ang aplikasyon sa kadahilanan na hindi raw nakaayon sa mga kondidsyon nakasaad sa Artikulo 3-1 ng Batas ng Nasyonalidad na nagsasabing kailangan na kasal ang mga magulang at lehitimong anak upang gawaran ng Japanese nationality. Ang Artikulo 3-1 ng Batas sa Nasyonalidad ay lumalabag sa Artikulo 14-(1) ng Konstitusyon ng Japan *(All of the people are equal under the law and there shall be no discrimination in political, economic or social relations because of race, creed, sex, social status or family origin.*. At sa ibinigay na kadahilanan, ang kaso para sa pagpapatunay ng nasyonalidad bilang Japanese ay isinalang ng mga nagdedemanda sa hukuman.

**【Mga Pagtatalo】**

Ang pagtatalo sa kasong ito ay ang paglabag sa Konstitusyon ng Artikulo 3-1 sa Batas ng Nasyonalidad. Kailangan na liwanagin kung ang patakaran ba ay makatwiran o hindi at ang kaibahan sa pagpapatupad sa pamamagitan ng naging lehitimong anak ay kung kasal lamang ang kaniyang mga magulang pagkabigay ng '*Ninchi*' at hindi ba lehitimong anak dahil lamang sa hindi kasal ang kanyang mga magulang pagkabigay ng *"Ninchi"*. At hindi ito usapin ukol sa relasyon ng ina bilang mga nagdedemanda at mga amang Hapon na maaaring ituring bilang mag-asawa o hindi, o kung may relasyon man bilang isang pamilya kasama ng bawa't isang nagdedemanda o hindi.

**【Buod ng dahilan ng pagbibigay ng desisyon】**

Ang usapin ng hindi patas sa pagkuha ng nasyonakidad ayon sa kondisyon ng batas ay sinuri kung lumalabag ba sa Artikulong 14-(1) ng Konstitusyon o hindi na dapat pagpasiyahan kung ang itinuturing na pagkakaiba ay naaayon ba sa makatwirang kadahilanan o hindi.

Ayon sa Artikulo 3-1 ng Batas ng Nasyonalidad, ang lehistimong anak na may '*Ninchi*' at kasal ang mga magulang ay maaaring mabigyan ng nasyonalidad bilang Hapon sa pamamagitan ng pagbigay-alam sa kinauukulan. Subalit ang di-lehitimong anak sa inang dayuhan na hindi kasal ang kanyang mga magulang na nabigyan ng '*Ninch*i' ng amang Hapon ay may kaibahan at hindi maaaring mabigyan ng nasyonalidad bilang Hapon. Subalit sa parehong di-lehitimong anak, kung ang kanilang ina ay Hapon na di-kasal ang mga magulang o batang binigyan ng '*Taiji-Ninch*i (Ninchi habang buntis ang ina)' ay binibigyan ng nasyonalidad bilang Hapon. Sa pangyayaring ito ang anak sa dayuhan na ang ama ay Hapon lamang ang hindi maaaring mabigyan ng nasyonalidad bilang Hapon ang bata maging sa paraan ng pagbibigay-alam sa kinauukulan na masasabing nakasasama sa pangyayaring ito.

Ipinipilit ng pamahalaang Hapon na makatwiran ang pagsasabatas ng patakaran (legislative policy) na bigyan ng nasyonalidad bilang Hapon ang may matalik na relasyon sa bansang Hapon at ang lehitimong anak na may '*Ninch*i' at kasal ang mga magulang at ang sinasabing malakas na relasyon bilang mag-ama sa pagitan ng amang Hapon at may pagkapareho ng pamumuhay.

Subalit kahit walang dahilan tulad na ang bata ay may magkaparehong magulang na Hapon o may malakas na relasyon sa bansang Hapon, may kasong binibigyan ng nasyonaliad bilang Hapon dahil sa Artikulong 2-1 ng Batas ng Nasyonalidad

(Article 2 *(1) When, at the time of its birth, the father or the mother is a Japanese national;)* Sa kabilang dako, sa pagsasa-alang-alang sa mga kadahilanan, mayroon rin na mga kasong hindi binibigyan ng nasyonalidad bilang Hapon dahil sa Artikulong 3-1 ng Batas ng Nasyodalidad (kasal ang mga magulang). Ayon sa kapaliwanagan ng Batas ng Nasydonalidad, hindi maaaring maging mahalaga ang mga bagay na matalik ang relasyon sa bansang Hapon o matalik na relasyon sa amang Hapon bilang mahalagang pilosopia tulad ng '*matriarchal and matrilineal blood principle'*.

Sa pagsasa-alang-alang sa kasalukuyang pagbabago ng mga bagay at internationalization ay nag-iiba na ang pagpapahalaga at turing sa pamilya at nagbabago rin ang relasyon sa mga anak kaya hindi na nababagay sa tunay na pangyayari ang pagpapasiya ukol sa matalik na relasyon ng mag-ama maging ang pagkakaroon ng kaugnayan o matalik na relasyon sa bansang Hapon pati na ang dahilan sa pamamagitan ng legal na kasal ng mga magulang. Sumakatuwid, hindi maaaring tanggapin na sapat ang mga katuwiran at mga kondisyon ukol sa pagiging lehistimong anak sa bansang Hapon na sinasaad sa Artikulo 3-1 ng Japanese Nationality Law.

4-1. Ang mga nadedemanda ay may katuwiran sa pagkilala sa hindi patas at kaibahan sa loob ng Batas ng Nasyonalidad dahil sa pagsasaalang-alang sa tradisyon ng bansang Hapon, ukol sa relasyon ng pamilya, situwasyon ng Japan, pagiisip ng mga tao sa Japan, at batay sa prinsipiyo, ay makikita ang kaibahan sa pagtuturing sa pagitan ng lehitimong anak at di-lehitimong anak

4-2. Subalit, kahit may kaibahan sa Batas Sibil sa pagitan ng lehitimong anak at di-lehitimong anak, ang batayan na mabigyan ng nasyonalidad na may kaibahan dahil sa Batas Sibil, at ang batayan na hindi mabigyan ng nasyonalidad ay nagkakaibang bagay. Kaya kahit may sapat na katwiran ang paliwanag sa unang batayan, hindi ibig sabihin na may katwirang paliwanag din sa pangalawang batayan. At ang Batas ng Nasyonaliad ngayon ay sumusunod sa '*matriarchal and patrilineal blood principle'*, na sa kalagayan na ang ina ay Hapon at sa kalagayan na binigyan ng *'Taiji-Ninchi'* ng amang Hapon, kahit di-lehitimong anak ito ay mabibigyan ng nasyonalidad bilang Hapon sa pagsilang ng bata. Sa kadahilanan na ito, hindi maaaring bigyan halaga ang pilosopia sa respeto ng legal na kasal.

5-1. Iginigiit ng mga nadedemanda na hindi maaring ikatuwiran na sa pamamagitan ng Artikulo 3-1 ng Batas ng Nasyonalidad ay mapipigil ang pagkakaroon ng huwad na '*Ninchi*' at walang nakikitang sapat na pagpapatunay na dadami ang huwad '*Ninchi'* kung alisin ang kondisyon ng kasal ng mga magulang. At kung ito man ay para mapigil ang pagkuha ng nasyonalidad bilang Hapon sa pamamagitan ng huwad na *'Ninchi*, lalo rin hindi maaring madamay na alisin pati ang mga tunay na '*Ninchi*'.

5-2. Kung isasaalang-alang ang mga sistemang ginagamit sa pagkuha ng nasyonalidad sa ibang bansa sa ngayon ay hindi maaring sabihin na may katuwiran ang paghingi ng kasal sa pagkuha ng nasyonalidad ng mga di-lehitimong bata.

6. Dahil sa nabanggit na mga bagay sa itaas, ang patakaran sa paghingi ng kasal ng mga magulang kaugnay sa pagkuha ng nasyonalidad ayon sa Artikulo 3-1 ng Batas ng Nasyonalidad ay hindi patas na nagdudulot ng kasamaan para sa di-lehitimong anak pati na rin sa kaniyang amang Hapon na hindi nakabatay sa makatwirang dahilan at hindi makatuwirang diskriminasyon na labag sa Artikulo 14-1 ng Konstitusyon. Dahil at ayon sa kalakihan ng paglabag sa Konstitusyon ng Artikulo 3-1, ang paglalagay ng kondisyon ng kasal para sa pagkuha ng nasyonalidad ay maaaring ihiwalay sa mga patakarang ito na ang pinakapusod ng patakaran ay ang pagsunod sa '*matriarchal and matrilineal blood principle'* na dapat palakasin at hindi dapat hadlangan ng kondisyong kasal para sa pag-gawad ng naysonalidad. Dahil dito, dapat maintindihin na paglabag sa Konstitusyon ang pagtatakda ng kondisyon na kailangang kasal ang mga magulang para sa pagbibigay ng nasyonalidad.

7. Sa kadahilanang nakabatay sa paglabag sa Konstitusyon ang Artikulo 3-1 ng Batas ng Nasyonalidad na kung saan ay itinakda ang pangangailangan ng kasal, sa kasong ito, mayroon ng nasyonalidad bilang Japanese ang mga nagdedemanda dahil ang bawa't isang nagdedemanda ay nakapagbigay-alam nang buong husay.

# Suportahan ang pakikibaka ng JFC!!

Sa kasalukuyan ay parami nang parami ang mga batang isinilang na ang magulang ay Hapon at Filipino. Marami sa kanila ay di-kasal ang mga magulang dahil sa iba't ibang kadahilanan. Halos lahat ng mga batang ito ang ipinanganak sa bansang Hapon, lumalaki sa bansang Hapon, nag-aaral sa eskuwelahan ng bansang Hapon, at wikang Hapon lamang ang kanilang alam na salita. Bukod sa 'Filipina ang kanilang ina', halos parehas ang kanilang pamumuhay sa mga ibang batang Hapon.

Subalit, ang mga JFC na ito ay namumuhay sa bansang Hapon sa kabila na sila ay itinuturing bilang dayuhan mula pa noong isilang. Walang karapatang bumuto at karapatang mahalal sa eleksyon; barado rin ang kanilang karapatan sa pagsali sa politika; at hindi maaaring maging pampublikong empleyado pataas sa administrator.

Ang dahilan ng pag-aapila at paglilitis para sa pagpapatunay ng nasyonaliad bilang Hapon ay hindi lamang para sa aming mga anak (ng mga nag-aapila) kundi para sa lahat ng mga batang dumaranas ng kaparehong situwasyon.

Nais naming ipagpatuloy ang aming pakikibaka upang mailabas ang problemang ito hindi lang sa bansang Hapon kundi pati na rin sa labas ng bansa hanggang mabago ang batas ng Hapon ukol sa karapatan sa citizenship ng mga JFC na hindi kasal ang mga magulang.

Halos lahat kaming siyam na nagsampa ng kaso ay mga single mothers lamang na walang sobrang kakayahan pampinasya at mahirap ang aming buhay. Subalit para sa aming mga anak at mga anak ng karamihan ng mga Pilipina ay pinili namin na makibaka at pasanin rin namin ang binabayaran nang hulugang pambayad sa mga abogado at sa paglilitis na ito.

Kasama rin sa aming pakikibaka ang malaking gastusin tulad ng papel para sa newsletter na binabasa mo ngayon, pagpapalaganap nito, pamasahe sa pagpupunta sa hukuman, forum, at iba pa.

Hinihiling naming ang paglahok, pagtulong at suportahan ang pakikibaka ng lahat ng batang dumaranas ng kaparehong kahirapan! Matagal ang panahon na aming inilalaan para sa pakikibakang ito at kahit kailan man ay bukas kaming tatanggap ng inyong tulong suporta o maging donasyon.

Name of Bank: **RISONA**, Name of Branch:**ICHIGAYA** Number of Bank Account：**1651914**
Name of Account：**JFC Kokuseki Kakunin Sosho Genkokuadan**

【Contact Number】 Chair Person of Plaintiff ：Lorreta Ramires Ligon
Telephone Numner：080-3000-3603
Supporter Group：Citizen's Network for Japanese-Filipino Children (JFC Network)
Address：HK Bldg. 303, 4-8-34 Kudan-Minami Chiyoda-ku, Tokyo, 102-0074
Tel & Fax：03-3264-4272 Homepage：http://www.jca.ax.apc.org/jfcnet
English Homepage：http://www.jca.apc.org.jfcnet/english/